

# PROLOGUE

From the floor-to-ceiling glass walls, the last glimmering rays of October twilight penetrated the spacious room. Sa ibaba, maaaninag ang makukulay na liwanag ng mga gusali at sasakyan ng lungsod. Matamang pinagmasdan ng lalaking nakatayo sa harapan ng salamin ang tanawin sa labas ng bintana.

“We found the *Nephilim*,” usal ng isang babaeng tinig mula sa likuran ng lalaki.

The man’s pale grey eyes widened imperceptibly. “Saan?”

“She was located this morning. Nakita siya sa news ni Jorge n’ong isang araw, sa Brgy. San Jose sa Aurora, Quezon. We have the address.” Pinatong ng lalaking nagsalita ang isang folder sa mesita sa gilid ng pinto.

“Her name?”

“Beatrice San Diego.”

“Ako na ang pupunta para tapusin siya....”

Agad napatigil ang babae nang maramdaman ang malamig niyang titig mula sa salaming pader. Kahit ang temperatura sa loob ng kuwarto ay tila bumaba rin nang ilang sentigrado. The woman tensed and bowed her head politely.

He fixed his gaze at the darkened sky. “Continue the plan. Lorraina, ipagpatuloy mo ang pagpigil sa mga pangitain ni Hiroki. Hangga’t kaya mo, ’wag mong hayaang malaman niya kung kailan lalabas ang *Sefer Raziel HaMalak*. I want that book no matter what. Uriel, keep me informed about Kristoff and the other covenant of vampires. We will attack *Shomer* once *Sefer Raziel HaMalak* appears.”

“Hindi ba makakabuti kung tatapusin na natin ang *Nephilim* bago pa man umahon ang libro? Magiging sagabal lang siya. Sabi sa propesiya, maaaring siya ang makagapi sa *Leviathan*—”

“Lorraina.”

Muling napatigil ang babae. Naramdaman niya ang pagtutol sa loob nito, ang pagnanais nitong lumabag sa kanyang utos. But alas, after struggling for a moment, the woman bowed her head in submission. “Forgive my impertinence. Hindi na maaulit.”

“We will do as you say. I will contact Kristoff and the others,” usal ni Uriel sa tabi ng babae.

“Leave.”

Tumungo ang dalawa bilang paggalang at humakbang paatras, palayo sa kakaunting liwanag, hanggang sa tuluyang humalo ang mga ito sa anino sa silid. In seconds, Azrael was left alone in the cold dark room.

He stared at the flickering lights of the metropolis beneath

*Eternal Guardian - Dior Madrigal*

---

the darkened heaven. Tila buhay na buhay ang lungsod sa ibaba, isang malaking kabaligtaran sa napakatahimik na silid na kanyang kinalalagyan.

“Beatrice...” bulong niya.

He smiled. Gaano na ba katagal mula noong huling gawin niya iyon? Mahigit-kumulang dalawang libong taon na marahil. Ipinikit niya ang mga mata, ninanamnam ang mga emosyon kay tagal na niyang kasa-kasama...

# 1

*May binatang sumisigaw, mahigpit ang yakap nito sa kanya—galit ito, desperado, nagsusumamo. Gusto niyang sabihing tumigil na ito, pero hindi niya magawa. Wala na siyang natitirang lakas para magsalita.*

*Natunaw ang paligid. May mga humahabol sa kanya. Nanlilisik ang mga mata nito at kulubot ang mukha. Takot na takot siya...*

*Muling natunaw ang paligid. People were crying, dying around her...*

Marahas na napamulat ng mga mata si Beatrice. Hinihinal siya at pawisan habang nakahiga sa maliit niyang kama. Nasapo niya ang noo at napaungol siya.

Ang panaginip na naman na iyon.

Mula pagkabata ay napapanaginipan na niya iyon. It was always the same. May lalaking sumisigaw habang yakap siya. Pagkatapos ay parang maraming namamatay sa kanyang paligid. At ngayon may nadagdag pa, may mga humahabol na rin sa kanya. It was highly upsetting. Napapanaginipan niya iyon kapag stressed o kaya ay sobrang pagod siya. Sa kasamaang palad, nitong mga nakaraang araw, parehong present sa malaking quantity ang dalawang ingredients na iyon sa kanyang buhay.

## *Eternal Guardian - Dior Madrigal*

---

Kinusot niya ang mga mata at sinulyapan ang alarm clock. Napasinghap siya nang makitang alas seis na ng gabi. Agad siyang napabalikwas ng bangon at napatakbo sa banyo.

She couldn't believe she overslept! Sigurado siyang hindi matatapos ang talak ng head nurse nila kapag nahuli siya nang isang segundo. Nitong nakaraang mga araw ay halos parang trumpo sila sa ospital dahil sa outbreak ng dengue sa kanilang lugar. Nae-extend lagi ang evening shift niya at ngayon nga, beinte-cuatro oras na siyang walang tulog. Kaninang alas doce lang siya nakapagpahinga at ngayon ay may seven o'clock shift ulit siya sa ospital. Pero may pakialam ba roon si Nurse Domingo? Siyempre wala. Hindi bale nang siya lang ang ganoon katindi ang schedule. Hindi ito tatanggap ng excuse mula sa kanya. Hindi, dahil siya ang itinuturing na salot ng kanilang bayan.

Mabilis siyang naligo at mabilis ding tinuyo ang sarili. Nadaanan niya ng tuwalya ang kanyang balat sa dibdib at natigilan siya. Hindi niya napigilan ang pamilyar na kabog ng dibdib sa tuwing tinititigan ang kanyang balat.

Dalawang tatsulok iyon na magkabaligtaran na bumubuo ng tila isang bituin. Nasa tapat iyon ng kanyang puso. Tiningnan niya iyon sa Internet dati at nalaman niyang hexagram ang tawag doon. Nalaman din niyang maraming kahulugan ang hexagrams; sa ilang kultura ay maganda ang kahulugan nito, sa iba naman ay pangit.

She sighed and continued drying herself. It used to bother

her immensely. It still bothered her now, pero napagtanto niya na kung lahat ng bagay sa paligid niya ay hahayaan niyang windangin siya, then sa psychiatric ward ang kanyang ending.

Sinuot niya ang scrub suit at tinuyo ang kanyang mahabang buhok. After a couple of minutes, she was ready to go. Wala siyang maraming seremonyas sa sarili. She didn't need it anyway. She may not believe it but she was extremely beautiful. Kalahating Ingles ang kanyang ina at dito niya namana ang kanyang hitsura. Gaya ng ina, she had rich curly dark brown hair that seemed to glow golden in the sun. Her skin was so impeccably smooth and fair and her bone structure was so perfect it could make even a goddess jealous. Sa isang banda, isa iyon sa nakadadagdag sa takot kung hindi man galit at inggit sa mga tao sa kanyang paligid. Masyado siyang maganda na para bang hindi na iyon normal, na para bang hindi na natural na maging kabilang siya sa mundong ito.

Matapos ang pagbibihis ay agad niyang tinungo ang pinto. Akmang bubuksan na niya ito nang tumunog ang chime sa bintana. Napatingin siya roon. Sa tabi niyon, naroon ang namumulaklak na orchids ng kanyang mama. Hindi niya napigilan ang paninikip ng lalamunan.

Iyon ang orchids na tinanim ng mama niya noong araw bago ang shootout. Iyon ang bulaklak na tinanim nito bago niya malaman ang mga tinatago nito.

Mabilis siyang kumurap para pawiin ang mga luhang biglang

namuo sa kanyang mga mata. Ayaw niyang ma-depress, alam niyang hindi iyon ang gusto ng kanyang mama. Swallowing hard, she turned the knob and opened the door.

The cold air greeted her like an enemy. Kaagad siyang napayakap sa sarili para ikulong ang init ng kanyang katawan. Nahagilap ng kanyang tingin ang dalawang kapitbahay niya sa kalye. Kaagad natigilan ang mga ito nang makita siya, pagkatapos ay dali-daling naglakad palayo na parang bang natatakot ang mga itong madapuan ng hanging hinihinga niya.

She ignored the pang in her chest.

Tinungo niya ang yerong gate at mabilis din niyang tinungo ang paradahan ng mga tricycle. Madilim na sa buong paligid. Kakaunti lang ang street lights at halos pundido pa ang marami sa mga iyon. Magkakalayo at kakaunti rin ang mga bahay sa lugar nila at lalo iyong nakadagdag sa kadiliman ng kanilang kalye. Nagmamadali siyang naglakad.

May narinig siyang langitngit sa mga puno, pero hindi niya iyon pinansin. Tinuloy niya ang mabilis na paglalakad.

May pagkaliblib ang lugar nila at kailangan ng halos treinta minutos na paglalakad para marating ang terminal ng tricycle sa bukana. Habang naglalakad siya, kumislap ang isa sa mga poste ng ilaw sa gilid ng lubak-lubak na kalsada at tuluyan iyong namatay. Napadiin ang hawak niya sa shoulder bag at lalong napabilis ang kanyang paghakbang. Nahagilap ng kanyang

paningin ang ilang anino sa mga puno. Sumisilip-silip ang mga iyon at tila naghahanap ng tiyempo para dumaan ng kalsada. May nakita rin siyang tila lumulutang na mga apoy na tila hugis mukha ng tao.

She forced herself to ignore them. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit tinuturing siyang salot sa kanilang bayan; ang isa sa mga dahilan kung bakit hindi makakuha ng maayos na trabaho ang kanyang mama. She was different. Marami siyang nakikitang nilalang na hindi nakikita ng karamihan. Duwende, lambana, kapre, mga anino, multo—name it, she had probably seen it. Noong una, akala niya ay normal iyon. Pero nang minsan niyang ikuwento sa kalaro niya ay sinigawan siya nito ng aswang at mangkukulam. Doon niya nalamang kakaiba pala siya. At doon din niya nalamang ang tao ay takot sa kakaiba.

May narinig siyang bulungan at lagaslas sa mga puno kaya binilisan niya lalo ang paglalakad. Humahalo sa hangin ang boses ng mga ito—paos, garalgal, manipis.

She could see more shadows lurking behind the trees. May nahagilap din siyang mga porma ng mga nilalang na ayaw niyang ilarawan. Nakita niyang parami nang parami ang mga ito, lahat ay may bahid ng kulay itim. Palapit nang palapit ang mga ito sa mga puno sa kalsada, hanggang sa halos naririnig na niya ang binubulong ng mga ito. Lalo niyang binilisan ang paglalakad.

Hindi maganda ang pakiramdam niya. Mas marami *silá* ngayong gabi kaysa sa karaniwan.



## *Eternal Guardian - Dior Madrigal*

---

Nakahinga siya nang maluwag nang may natanaw na ilaw sa mga susunod na kanto, binilisan niya at nilakihan ang paghakbang at hinayaan niya ang sariling ngumiti.

Then, it happened. Lahat ng ilaw sa kalsada ay kumislap at sabay-sabay namatay.

For one frightening second, everything was quiet. Pagkatapos ay pumailanlang ang garalgal na tawa ng mga nilalang sa kanyang paligid. Tumakbo siya na para bang nakasalalay doon ang buhay niya. Whatever was happening was not good. Noon pa man ay matalas na ang pakiramdam niya sa mga ganitong bagay. At nang mga oras na iyon, ang sabi ng pakiramdam niya ay mag-panic siya.

Tila tumalon ang puso niya nang makitang may mga taong nakatayo sa di -kalayuan. Agad siyang sumigaw ng tulong sa mga ito. Wala pa ring ilaw sa daan, pero sapat ang sinag ng buwan para maaninag niya ang mga ito. Matangkad ang mga ito at marahil ay nasa anim na talampakan, may kalakihan ang mga katawan nito at—

“Oh, God—” Natutop ni Beatrice ang bibig nang tuluyang makita ang mga ito. Malakas na tumawa ang mga aninong humahabol sa kanya. It was a sadistic laughter. Tawa iyon ng isang sadistang killer habang hinihiwa ang biktima nito.

Then it dawned on her. Sinadya ng mga itong patakbuhin siya! Sinadya ng mga itong habulin siya para tumakbo siya derecho sa mga nilalang na ito sa kanyang harapan!

## *Eternal Guardian - Dior Madrigal*

---

Lumipad ang tingin ng mga lalaki sa harap niya at nakita niyang hindi lang nanlilisik ang mga mata ng mga ito. Kulubot din ang mukha ng mga ito at waring kay tigas ng balat ng mga iyon.

Her eyes widened as images of those bloodshot eyes and wrinkled faces running after her flashed in her mind.

Nanginginig siyang napaatras. Ito iyon. Ito ang mga humahabol sa kanya sa panaginip niya. Ito iyon!

“Oh, God...” She found herself running at the opposite direction. Patuloy siyang tinawanan ng mga nilalang ng dilim, pero wala na siyang oras para pansinin ang mga ito. She was running for her life. May bumagsak na nilalang sa kanyang harapan at napatili siya. Mabilis siyang tumakbo sa kabilang direksyon ngunit may isa pang bumagsak sa direksyon na iyon. Napasigaw siya sa panic. Ayaw niyang umiyak, pero hindi niya mapigilan. Sunud-sunod na bumagsak ang kanyang luha nang makitang napalibutan na siya ng mga ito. There were six of them; crouching in front of her, surrounding her, growling at her. They were like savage beasts preparing to tear her into pieces. Nanginginig siyang napaatras.

Their eyes were bloodshot, their faces deformed, and their mouths... may pangil na nakalabas sa gilid niyon!

Muli siyang tumili nang sunggaban siya ng mga ito. Pero imbis na masakmal ng mga ito, napuno ang paligid ng sigaw na katunog ng yerong pinupunit. She found herself screaming and

running again. But a strong arm pulled her back.

“Dito ka lang.” Tinakpan nito ang kanyang bibig at dahil doon ay hindi siya nakatili nang sunggaban ulit siya ng isa pang nilalang. She watched in horror as the vicious monster lunged at her. Subalit muli ay hindi dumating ang pagsakmal na inaasahan niya. Umigkas ang braso ng lalaking may hawak sa kanya at sinakmal sa leeg ang nilalang. She could only stare in fear as the man squeezed the life out of the monster-like creature. Marahas nitong itinapon iyon na parang manikang basahan.

“Come with me.” Hindi nito hinintay ang sagot niya at sinampay siya sa balikat nito. His powerful arms held her legs and he started running with inhuman speed. Mariin siyang napahawak dito at mariin siyang napapikit. Narinig niya ang mabangis na pag-ungol ng mga nilalang na humahabol sa kanila. Parang mga asong ulol ang mga ito na naghahabol ng pagkain.

Tumalon ang binata at pinigil niya ang muling pagsigaw. Pinilit niyang imulat ang mga mata at muntik na siyang mahimatay nang makitang nasa sanga sila ng isang mataas ng acacia. Tumalon din mula sa ibaba ang mga nilalang papunta sa kanila. Her whole body froze. Oh God, heto na, mamatay na talaga siya. Hiling lang niya ay sana hindi iyon maging masyadong masakit.

Pero tila hindi niya kailangang alalahanin iyon.

Because before her very eyes, she saw the monster-like

creatures burn completely like pieces of dry leaves. For a moment, they seemed suspended in mid-air as they burned. Malakas na humiyaw ang mga ito at nalaglag sa lupa. Patuloy na nag-apoy ang mga nilalang hanggang sa tuluyang maging abo. Nawalan ng lakas ang kanyang mga binti at nabuwal siya. Pero maagap siyang nahawakan sa baywang ng lalaki.

Nanginginig siyang napatingin dito.

Even in her state of hysteria, her mind recognized that this man was extremely handsome. He was tall, even taller than those creatures that chased her. His eyes were pale grey, almost silvery. Ang bawat anggulo at linya ng mukha at katawan nito ay perpekto—masyadong perpekto—hindi na normal na perpekto, na tila ba mas perpekto pa ito kaysa sa isang diyos.

“We can’t stay here, we have to leave.” Mababa at malalim ang boses nito, nakahihipnotismo.

Pinilit niyang paganahin ang utak, pero hindi niya magawa. Tila-nag-shut down iyon sa magkahalong takot at gulat.

Humigpit ang hawak ng binata sa kanyang baywang.

“Hold on tight.” Iyon lang at nagpatihulog ito sa puno.

She screamed but his hand was covering her mouth again.

Nasa ibaba na sila ng puno sa loob lamang ng ilang sandali. Tuluyan siya nitong kinarga at muli itong tumakbo. The wind slapped her skin, wala siyang nagawa kundi yumakap dito nang

mahigpit. Huminto ito at nanginginig niyang iminulat ang mga mata. Giniya siya nito sa nakaparadang sports car. Kahit doon ay hindi pa rin niya magawang magsalita.

“I’ll explain later. We have to get to a safer place first.” Binuksan nito ang passenger door at ibinaba siya sa loob. He slammed the door shut before she could even blink. Then, he was inside the car in a heartbeat. Binuhay nito ang sasakyan at pinaharurot iyon palayo. Nanginginig lamang siyang napatitig sa harapan.

“Those were vampires.” Humiwa sa katahimikan ang kalmado nitong boses.

Tulala siyang napatingin dito.

“Ipapaliwanag ko lahat mamaya pero...” Bigla itong napahawak sa dibdib na para bang may kung anong masakit doon. “F\*ck, not now!”

Doon lamang siya tila nagising sa katotohanan.

“Oh, God! Ano’ng nangyari—”

Mabilis nitong nahagilap ang kamay niya at pinigilan siyang hawakan ito. Pero dahil doon ay nagdikit ang balat nila sa isa’t isa. Nanlalaki ang mga mata niya at napatitig siya rito. Kasinglamig ito ng yelo.

“It’s nothing. I’m okay.”

He was lying and they both knew it. Pinagpapawisan at namumutla ito at tila nahahirapan din itong huminga. Hindi niya kailangang maging registered nurse para malamang may iniinda ito.

“You’re sick! Huminto ka sa bayan. You need to rest!”

“No. Masyadong delikado—”

“But you’re sick! Hindi ka puwedeng—”

“I said I’m fine! Trust me, Beatrice, I’m just....” Natigilan ito nang makita ang ekspresyon ng kanyang mukha. Pakiramdam niya ay may gumagapang na yelo sa kanyang tiyan.

“Bakit... mo alam ang pangalan ko?”

“I’m...” Napatiim-bagang ito na tila ba may tumapong asido sa balat nito. He looked like he was going to have a seizure. Nakalimutan niya ang tungkol sa tinatanong niya at muli siyang binaha ng takot. Hinawakan niya ito sa braso at mariin niyang ipiniksi ang ulo.

“Huminto ka sa bayan! Di ka puwedeng mag-drive—”

“No! It’s dangerous, kaya ko—”

“Hindi mo kaya!” Hindi na niya napigilan ang pagsigaw. Tumulo ang luha niya bago pa niya mapigilan. God, she hated it. Naiinis siya kapag sinasabi ng isang tao na okay ito kahit hindi naman. Ganito rin ang mama niya noon. Hindi ito nagsabi na

*Eternal Guardian - Dior Madrigal*

---

may problema na ito; lagi lang itong nakangiti na tila ba okay lang ang lahat. Ni hindi niya alam na nasangkot na pala ito sa pagbebenta ng illegal drugs. Na sobrang gipit na gipit na pala sila kaya doon na ito kumapit para suportahan siya.

“You’re not okay! Namumutla ka, hinihinal ka!”

Nilalamig ka! You’re not okay so stop saying you’re okay!” Tuluyan na siyang napaiyak. Narinig niyang umungol ito, pero hindi niya pinansin. God, she really hated this!

“Fine! Hihinto tayo sa bayan.” Mariin nitong tinapakan ang silinyador at bumilis ang kanilang takbo.

Gusto niya itong sigawan at awayin, pero alam niyang binabaling lang niya ang mga sama ng loob dito. Umiiyak na itinuon na lang niya ang tingin sa harap ng kalsada.

“Hindi ka pa ba magtatanong?” His voice was cold and bitter but she ignored it. “Denial won’t help you.”

Marahas siyang tumawa at napailing. “Trust me, I know that.” He didn’t have to remind her that denial was useless. After all, namatay ang mama niya at kahit anong pagtangga niya ay hindi niya mababago iyon.

Hindi niya mapigilan ang pagdaloy ng luha. She was just so tired and so confused and so f\*cking scared. Ayaw niya sanang magtanong kung bakit nangyayari sa kanya ang mga bagay-bagay, pero hindi na niya maiwasan. Pakiramdam niya ay may vendetta

sa kanya ang tadhana at hindi ito titigil kahit tumba na siya.

Itinuon niya ang tingin sa labas ng kotse. Mabilis na dumadaan sa paningin niya ang pamilyar na hitsura ng kanilang bayan. Ganoon pa rin ang hitsura ng lahat na para bang walang kakaibang nangyari. Her life was changing but the world remained indifferent.

Mariin siyang pumikit. Pinigilan niya, pero ang pinaghalong pagod at trauma ay pinabigat ang kanyang mga mata. She was just so tired. Parang gusto lang niyang umiyak nang umiyak at magtago sa ilalim ng kama.

---

Napatiim-bagang si Azrael habang nagmamaneho. Sinulyapan niya ang dalaga sa passenger seat. May bakas pa ng luha sa pisngi nito. He swallowed hard and returned his gaze to the road.

Walang dudang isa itong *Nephilim*. He could smell the sweet intoxicating scent of her divine blood even from a mile. Wala ring duda, ito ang babaeng hinahanap niya sa nakaraang dalawang libong taon. Hindi niya kailangang makita ang balat nito sa dibdib para makilala ito. He would recognize her in whatever form, in whatever lifetime. But he supposed it was not the same for her.

He bit his lip until he could taste blood in his tongue.

Umungol si Beatrice at nag-tense siya. Tila binabangungot



*Eternal Guardian - Dior Madrigal*

---

ito. Akmang aabutin na niya ito, pero pinigilan niya ang sarili. Iniwas niya ang tingin dito at napakuyom siya ng palad.

Sigurado siyang napapanaginipan nito ang delubyong mangyayari sa hinaharap. Isa iyon sa mga kakayahan ng isang *Nephilim*. Nakikita ng mga ito ang hinaharap, ang nakaraan, at kahit pa nga ang nangyayari sa ibang lugar sa kasalukuyan. Madalas, nagpapakita ang mga pangitain sa anyo ng mga panaginip. O sa kaso ni Beatrice, sa mga bangungot.

Pinanatili niya ang tingin sa daan. Wala siyang magagawa sa mga bangungot na iyon.

Siya mismo ang tutupad sa mga iyon.

He floored the accelerator and the car sped faster.